REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-02**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (P150,000.00) BILANG PONDO NG TANGGAPAN NG TRICYCLE REGULATORY UNIT (TRU) PARA SA PAGLALAMINADO NG IDENTIFICATION CARD (ID) NG MGA DRAYBER NG TRAYSIKEL SA KABUUAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA NA KUKUNIN SA GENERAL FUND NG PUNONGLUNGSOD SA UNANG BAHAGI (FIRST QUARTER) NG BADYET PARA SA TAONG 1998.**

*************************************************************************************

Nagpanukala : **Kgg. Rafael R. Arciaga**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang paglalaan ng pondo para sa Tanggapan ng **Tricycle Regulatory Unit (TRU)** ay lubhang kinakailangan upang maging mabisa at epektibo ang pagpapatupad ng mga probisyon ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-66;

**SAPAGKAT,** noong 27 Oktubre 1997, ay naghain ng petisyon si G. Danilo B. Cagas, Pangulo ng Pederasyon ng **Tricycle Operators and Drivers Association Inc., (TODAI)** upang hilingin sa Sangguniang Panglungsod na ibigay ng libre ang laminasyon ng Identification Card (ID) na ibinibigay ng Tricycle Regulatory Unit (TRU) sa mga drayber ng traysikel sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa nasabing petisyon, ipinahayag ng pamunuan ng pederasyon ng **Tricycle Operators and Drivers Association Inc. (TODAI)** na hindi makatarungan para sa mga drayber ng traysikel na magkaroon pa ng karagdagang gastos sa pagpapalaminado ng Identification Card (ID) gayung Isang Daang Piso (P100.00) na ang ibinabayad sa di-laminadong Identification Card (ID) na ibinibigay ng **Tricycle Regulatory unit (TRU)**;

**SAPAGKAT,** noong 28 Nobyembre 1997, ang Komite ng Transportasyon at Komunikasyon ay isinagawa ang isang pampublikong pagdinig sa Silid Pulungan ng Sangguniang Panglungsod, People's Center, Lungsod ng Muntinlupa upang talakayin ang petisyon ng Pederasyon ng **Tricycle Operators and Drivers Association Inc., (TODAI);**

**SAPAGKAT,** sa nasabing pagdinig, ipinahayag ni G. Rodolfo I. Oliquino, Pinuno ng Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya na walang nakalaang pondo sa kanyang tanggapan upang ibigay ng libre ang pagpapalaminado ng Identification Card (ID) sa mga drayber ng traysikel;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng libreng pagpapalaminado ng Identification Card (ID) ay malaking kaginhawahan at kasiyahan sa mga drayber ng traysikel;

**SAPAGKAT,** nararapat lamang na sagutin ng Pamahalaang Lungsod ang pagpapalaminado ng Identification Card (ID) bago ito ibigay sa mga drayber ng traysikel upang maiwasan ang pagpapalsipika nito;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagtibay ng Sangguniang Panglungsod ang paglalaan ng halagang **Isang Daan at Limampung Libong Piso (P150,000.00)** bilang pondo sa Tanggapan ng Tricycle Regulatory Unit (TRU) para sa pagpapalaminado ng identification card ng mga drayber ng traysikel sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa na kukunin sa General Fund ng Punonglungsod sa unang bahagi (first quarter) ng badyet para sa taong 1998.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **12 Enero 1998, sa ginanap na Unang Regular na Sesyon**.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : ____________________